Buod na Bersyon

# Ikatlong Plano para sa Promosyon ng Globalisasyon ng Toyota City

Marso 2022

ミライのフツーをつくろう
SDGs
未来都市とよた

豊田市

WE LOVE とよた


# Kasalukuyang Kalagayan ng Globalisasyon ng Toyota City

## Populasyon

Tumataas ang kabuuang populasyon ng Toyota City mula noong 2014, ngunit nagsimula itong bumaba pagkatapos ng peak noong 2019 at umabot ang kabuuang populasyon sa 420,022 tao noong 2021.

Bilang karagdagan, makikita na ang populasyon ng mga Hapones ay bumababa mula noong 2017.

Figure: Pagbabago sa kabuuang populasyon





Source: Basic Resident Registration/Alien Registration <Sa Oktubre 1 kada taon>

## Pagbabago sa populasyon ng mga dayuhan

Kung titingnan ang pagbabago sa populasyon ng mga dayuhang naninirahan sa Toyota City, patuloy na bumaba ito mula noong Bankruptcy of Lehman Brothers noong 2008. Subalit nagsimulang tumaas ito noong 2014 at umabot ng 18,749 na katao noong 2019 (bumababa mula 2020 dahil sa COVID-19).

Sa nakikita rito, ang populasyon ng mga dayuhan ay nagbabago nang pataas sa mahabang panahon, at napapanatili ang populasyon ng Toyota City dahil sa pagdami ng populasyon ng mga dayuhan.

Figure: Pagbabago sa populasyon ng mga dayuhan





Source: Basic Resident Registration/Alien Registration <Sa Oktubre 1 kada taon>
* Bago 2011, Alien Registration / Mula 2012, Basic Resident Registration



Sa Oktubre 1, 2021, mayroong 68 bansa/rehiyon na pinagmulan ng mga dayuhang residente sa Toyota City at inilalarawan ito bilang ng mula sa iba' t ibang bansa/rehiyon ang mga bumibisita sa bansa.

Brazil ang may pinakamataas na porsiyento (36.9%) ayon sa bansa/rehiyon at tumataas ito ng 1.2 puntos kumpara sa Oktubre 1, 2017. Bilang karagdagan, dumarami ang populasyon ng mga Vietnamese dala ng pagdami ng mga pumapasok sa bansa gaya ng may katayuan ng paninirahan na "Engineer/Specialist in Humanities/International Services" , "Technical Intern Training" , atbp. bilang paglalarawan sa mga nakaraang taon. Sa Disyembre 2020, ito ay nasa 15.2%, higit pa sa China, at pangalawang pinakamataas sunod sa Brazil. Sinundan ito ng China (13.1%), Philippines (11.7%), at South Korea/North Korea (6.0%).

Figure: Porsiyento ng populasyon ayon sa bansa/rehiyon
<Sa Oktubre 1, 2021>





Source: Basic Resident Registration


Kung titingnan ang pagbabago sa populasyon ng top 5 na bansa ayon sa bansa/rehiyon na pinagmulan ng mga dayuhang residente sa nakaraang 10 taon, makikita na kapansin-pansin ang pagtaas ng Vietnam at pagbabago sa pagkakasunod-sunod. Sa 2021, ang pagkakasunod-sunod ay Brazil, Vietnam, China, Philippines, at South Korea/North Korea.

Patuloy na bumababa ang Brazil hanggang 2015. Nagsimula itong tumaas mula 2016, ngunit bumababa pagkatapos ng peak noong 2019. Ang pagbabago ng China ay halos flat, ngunit bumababa ito mula 2019. Ang Philippines ay unti-unting tumataas habang ang South Korea/North Korea naman ay unti-unting bumababa.

Figure: Pagbabago sa populasyon ng top 5 na bansa sa nakaraang 10 taon




Source: Basic Resident Registration/Alien Registration <Sa Oktubre 1 kada taon>



## Batayang Prinsipyo

# Promosyon ng pagsusulong ng isang global na lungsod kung saan ang iba't ibang mamamayan ay may aktibong partisipasyon

Ang kalagayan ng globalisasyon ng Toyota City ay patuloy na nagbabago. Samakatuwid, ang pag-unlad ng globalisasyon sa komunidad kung saan ang mga tao, bagay, at impormasyon ay nagiging aktibo para sa pagsusulong ng lungsod.

Ang batayang prinsipyo sa planong ito ay ang "Promosyon ng pagsusulong ng isang global na lungsod kung saan ang iba't ibang mamamayan ay may aktibong partisipasyon". Kasama ng mga mamamayan at mga kaugnay na organisasyon, nilalayon namin ang "imahe kung saan tinatanggap ng mga mamamayan at rehiyon ang iba't ibang tao at lipunan kasabay ng lalo pang pag-unlad ng globalisasyon".



## Bagong Pananaw

### Prinsipyo ng "Ordinansa tungkol sa mutual understanding at pakikipag-usap"

Ang prinsipyo ng "Ordinansa sa pagsusulong ng mutual understanding at pasilitasyon ng pakikipag-usap para sa realisasyon ng isang symbiotic na lipunan sa Toyota City" na ipinatupad noong Abril 2021 ay ipo-posisyon bilang cross-cutting na kaisipan ng planong ito. Isusulong ng parehong mga Hapones at mga dayuhan ang "globalisasyon ng pag-iisip" na nagbibigay daan na makilala ang isa't isa, palalimin ang pag-unawa, at ipaalam ang mga intensyon sa isa't isa.

### Pagbuo ng mga hakbang batay sa "Batayang patakaran sa edukasyon ng wikang Hapon sa komunidad sa Toyota City"

Batay sa "The Act on Promotion of Japanese Language Education" na ipinatupad noong Hunyo 2019, isusulong namin ang mga pagsisikap na bumuo ng mga hakbang batay sa "Batayang patakaran sa edukasyon ng wikang Hapon sa komunidad sa Toyota City" at suportahan ang pag-aaral ng wikang Hapon, na may pananaw na tinitiyak ang pagkakaloob ng mga pagkakataon sa mga dayuhan na matuto ng wikang Hapon ayon sa kanilang kagustuhan, sitwasyon, at kakayahan.

**Panahon ng Pagpapaplano**

Abril 1, 2022 - Marso 31, 2026 (4 taon)

# Index sa Pagpaplano

| Pangalan ng index | Karaniwang halaga | Target na halaga |
|---|---|---|
| Porsiyento ng mga dayuhang residente na nakakaramdam ng agwat sa komunikasyon kapag nakikipagpalitan sa Hapones [Source: Ika-4 na Pagsisiyasat sa Kamalayan ng mga Dayuhang Residente] | 57.9% (FY 2020) | 40% (FY 2024) |
| Porsiyento ng mga dayuhang residente na iniisip na ang mga Hapon sa kanilang paligid ay palakaibigan [Source: Ika-4 na Pagsisiyasat sa Kamalayan ng mga Dayuhang Residente] | 61.3% (FY 2020) | 70% (FY 2024) |
| Porsiyento ng mga residenteng Hapones na may paborableng pananaw ang pagkakaroon ng maraming naninirahang iba't ibang dayuhan sa siyudad [Source: Ika-23 Pagsisiyasat sa Kamalayan ng mga Mamamayan] | 53.2% (FY 2021) | 70% (FY 2023) |
| Antas ng satispaksyon ng mga residente na iniisip na nakamit ang mutual understanding at maginhawang pamumuhay para sa parehong Hapones at mga dayuhan [Source: Ika-23 Pagsisiyasat sa Kamalayan ng mga Mamamayan] | 3.91 (FY 2021) (average na halaga ng 1-7 level evaluation) | 5.00 (FY 2023) (average na halaga ng 1-7 level evaluation) |
| Porsiyento ng mga dayuhang residente na lumalahok sa mga aktibidad ng rehiyon (aktibidad ng autonomous region, kaganapan sa rehiyon, atbp.) [Source: Ika-4 na Pagsisiyasat sa Kamalayan ng mga Dayuhang Residente] | 54.8% (FY 2020) | 60% (FY 2024) |
| Porsiyento ng mga residenteng nakilahok na sa mga aktibidad o proyekto sa internasyonal na pagpapalitan [Source: Ika-23 Pagsisiyasat sa Kamalayan ng mga Mamamayan] | 10.0% (FY 2021) | 20% (FY 2023) |



# Itinatakda ang 2 pangunahing layunin upang matiyak ang pagsasagawa ng mga hakbang batay sa batayang prinsipyo.

## 1 Pagsasakatuparan ng lungsod kung saan ang bawat isa ay iginagalang at komportableng naninirahan

Naglalayong makamit ang isang komunidad na nakakatawag ng pansin sa iba't ibang mga tao, anuman ang wika, kultura, at pagpapahalaga, na may pagtutulungan sa isa't isa, maginhawang pamumuhay para sa lahat at maisasagawa ang mga nais na aktibidad sa sariling paraan.



### Haligi ng mga panukala 1 Pagpapadali ng komunikasyon

① Pag-aaral ng wikang Hapon ayon sa life stages ng mga dayuhan
② Pagpapakalat ng impormasyon at konsultasyon sa maraming wika



**Pangunahing pagsisikap**

·Pagkakaroon ng klase sa wikang Hapon para sa mga dayuhang maliliit na bata
·Pagsusulong ng edukasyon para sa mga dayuhang bata, mag-aaral, atbp.
·Operasyon ng Toyota Nihongo Gakushu Shien System o sistema para sa suporta sa pag-aaral ng wikang Hapon
·Suporta sa pag-aaral ng wikang Hapon na iniayon sa mga pangangailangan ng mga dayuhan
·Pagbuo ng mga hakbang batay sa "Patakaran sa edukasyon ng wikang Hapon sa komunidad sa Toyota City"
·Paggamit ng iba't ibang wika at madaling wikang Hapon
·Serbisyo ng pagsasalin sa wikang banyaga sa pamamagitan ng telepono at video
·Pagpapatakbo ng board ng suporta sa komunikasyon (sa panahon ng sakuna)
·Pag-secure ng paraan ng pagtawag sa numerong 119 sa iba't-ibang wika
·Paggamit ng Aichi Iryo Tsuyaku System o Aichi medical interpretation system

### Haligi ng mga panukala 2 Pagpapabuti ng pamumuhay

① Pag-aalaga ng bata/edukasyon ng bata
② Mga hakbang sa pag-iwas sa kalamidad/pagtugon sa emerhensiya
③ Trabaho
④ Pagpapakalat ng iba pang impormasyon sa pamumuhay, atbp.



**Pangunahing pagsisikap**

·Suporta sa pag-aaral ng mga dayuhang kabataan
·Suporta sa pakikibagay sa lipunan para sa mga dayuhang bata
·Pagkakaroon ng multicultural child-rearing salon
·Pagsusulong ng edukasyon para sa mga dayuhang bata, mag-aaral, atbp. [repost]
·Pagpapaliwanag sa pag-iwas sa kalamidad para sa mga dayuhan
·Pagpapalakas ng sistema ng pakikipag-ugnayan sa mga organisasyong kinabibilangan ng mga dayuhan
·Pag-secure ng paraan ng pagtawag sa numerong 119 sa iba't-ibang wika [repost]
·Suporta sa pagtatrabaho para sa mga dayuhan
·Suporta para sa pagtanggap ng mga dayuhan bilang mga tagapag-alaga
·Pagbibigay ng iba't ibang impormasyon na kapaki-pakinabang para sa pang-araw-araw na pamumuhay sa iba't ibang wika at madaling wikang Hapon
·Pagpapalakas ng mga kakayahan sa pagpapakalat ng impormasyon sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang media
·Pagpapaliwanag ng sistema ng kapakanan ng matatanda
·Pagpapaliwanag ng sistema ng medikal/seguro

### Haligi ng mga panukala 3 Pagsusulong ng pakikilahok at aktibidad ng mga dayuhang residente sa lipunan

**Pangunahing pagsisikap**

·Pagdaraos ng mga pulong upang makinig sa mga opinyon ng mga dayuhan
·Pagpapalakas ng network sa pakikipagtulungan sa mga key person para sa magkakasamang pamumuhay ng iba't-ibang kultura



## 2 Pangalagaan ang mga yamang tao na maaaring magkaroon ng aktibong partisipasyon sa mga internasyonal at lokal na komunidad

Sa pamamagitan ng mga international exchange tulad mga exchange sa mga sister city, nilalayon na pangalagaan ang mga mamamayan na may mataas na antas ng kaisipang pang-internasyonal at may malawak na pananaw na maaaring magkaroon ng aktibong partisipasyon sa hinaharap na mga internasyonal at lokal na komunidad.



### Haligi ng mga panukala 1 Paglikha ng mga pagkakataon para sa international exchange at pangangalaga ng yamang tao

**Pangunahing pagsisikap**

·Toyota City at Detroit City Sister City Exchange
·Toyota City at Derbyshire County Sister City Exchange
·Promosyon ng pakikipagpalitan sa mga estudyante ng iskolarsip ng Toyota City Trevelian Foundation
·Pakikipagpalitan sa mga lungsod sa ibang bansa batay sa isang partikular na negosyo

### Haligi ng mga panukala 2 Promosyon ng edukasyon sa internasyonal na pag-unawa

**Pangunahing pagsisikap**

·Edukasyon sa internasyonal na pag-unawa para sa mga bata
·Promosyon ng internasyonal na pag-unawa para sa mga mamamayan
·Promosyon sa pag-unawa ng ibang kultura



### Haligi ng mga panukala 3 Paggawa ng pagkakataon upang magkaroon ng partisipasyon sa internasyonal na kaganapan, atbp.

**Pangunahing pagsisikap**

·Exchange o pakikipagpalitan sa mga internasyonal na kaganapan
·Pagpapatupad ng mga proyektong nauugnay sa SDGs

**Ikatlong Plano para sa Promosyon ng Globalisasyon ng Toyota City**

Inilathala noong Marso 2022

**Inilathala ng International Community Development Promotion Division, Toyota City**

3-60 Nishimachi, Toyota City, 471-8501
Telepono: 0565-34-6963
FAX: 0565-34-6681
Email: kokusai@city. toyota.aichi.jp

TOYOTA FRIENDS

Ito ang tatak ng logo ng "Toyota Friends" upang ipagkalat ang impormasyon sa mga proyektong may kaugnayan sa magkakasamang pamumuhay ng iba't-ibang kultura sa Toyota City.